# integridad



## Kodigo ng Etika ng Monsanto para sa Mga Supplier

*Tagalog*

MONSANTO



## TALAAN NG MGA NILALAMAN


PANIMULA . . . . . 1

- Mga Sustainable na Layunin sa Pag-unlad . . . 1
- Paninindigan . . . . . 2

PUNDASYON NG KODIGO NG ETIKA NG MONSATO PARA SA SUPPLIER . . . . . 3

- Integridad . . . . . 3
  - Pakikipag-usap . . . . . 3
  - Transparency . . . . . 3
  - Pagbabahagi . . . . . 3
  - Mga Pakinabang . . . . . 3
  - Paggalang . . . . . 3
  - Kumilos bilang Mga May-ari upang Magtamo ng Mga Resulta . . . . . 4
  - Lumikha ng Mahusay na Lugar ng Trabaho . . . . . 4

KODIGO NG ETIKA NG MONSANTO COMPANY . . . . . 4

PAGTITIWALA NG SUPPLIER AT MONSANTO SA ISA'T ISA . . . . . 4

PANININDIGAN NG MONSANTO-SUPPLIER SA MGA TAO . . . . . 5

- Mga Ligtas, Mainam at Matiwasay na Lugar ng Trabaho . . . . . 5
- Paggalang sa Karapatang Pantao . . . . . 5
- Privacy ng Personal na Impormasyon . . . . . 6

PANININDIGAN SA MONSANTO . . . . . 7

- Pagsunod sa Batas . . . . . 7
- Internasyonal na Kalakalan . . . . . 7
- Mga Regalo at Entertainment hinggil sa Negosyo . . . . . 7
- Mga Pagmamay-ari ng Kumpanya . . . . . 8
- Seguridad ng Impormasyon . . . . . 8
- Kumpidensyal at Proprietary na Impormasyon . . . . . 8
- Intelektwal na Ari-arian . . . . . 9
- Magpanatili ng Tapat na Mga Talaan sa Pananalapi . . . . . 9
- Mga Pakikipag-ugnayang Panlabas . . . . . 9

PANININDIGAN SA MAKAAGHAM NA PANANALIKSIK, DE-KALIDAD NA PRODUKTO, PAGSUNOD SA REGULASYON, AT MGA PATAS NA KASANAYAN SA MERKADO . . . . . 10

- Makaagham na Pananaliksik . . . . . 10
- Mga De-kalidad na Produkto . . . . . 10
- Pagsunod sa Regulasyon . . . . . 10
- Mga Patas na Kasanayan sa Marketing . . . . . 11
- Advertising . . . . . 11

PANININDIGAN NG MONSANTO SA MUNDO . . . . . 11

- Proteksyon at Kaligtasan ng Kapaligiran . . . 11
- Pagkakaiba ng Mga Supplier . . . . . 12
- Walang Panunuhol o Mga Tiwaling Gawain . . . . . 12
- Mga Etikal na Transaksyon sa Pananalapi . . 12
- Kumpetisyon . . . . . 12

PAG-AYON SA KODIGO NG ETIKA PARA SA SUPPLIER . . . . . 13

- Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan . . . . . 13
- Pag-uulat . . . . . 13



## PANIMULA

Ang Monsanto ay isang sustainable na pang-akrikultura na kumpanya na naninindigan sa mga kasanayan sa negosyo na may responsibilidad sa lipunan. Hindi lang natin gustong gawin kung ano ang kinakailangan ng naaangkop na batas at regulasyon, ngunit kung ano rin ang inaasahan sa isang pinuno. Inaasahan natin na ang mga kasanayan sa pamamahala ng mga supplier upang galangin ang mga karapatan sa paggawa at pagtatrabaho ng lahat ng empleyado, magpamalas ng mga proseso at gumawa ng mga produkto habang binabawasan ang epekto ng mga ito sa kapaligiran, at magbigay ng ligtas at mainam na lugar ng trabaho, para sa lahat ng empleyado.

### Mga Sustainable na Layunin sa Pag-unlad

Ipinatupad noong Setyembre 2015, pagkalipas ng ilang taon ng multi-stakeholder na pakikipag-ugnayan, binubuo ang Mga Sustainable na Layunin sa Pag-unlad (Sustainable Development Goal o SDG) ng United Nations ng 17 layunin na tumutugon sa pinakanapapanahong hamon sa mundo pagdating sa ekonomiya, lipunan at kapaligiran.

Mahalaga ang ginagampanang papel ng pribadong sektor sa pagtamo ng mga SDG at nag-aambag ang ating trabaho sa Monsanto sa ilang paraan sa bawat isa sa 17 layunin.







Tinukoy ng Monsanto ang anim na layunin (mga SDG 1, 2, 6, 8, 13 at 15) na partikular na mauugnay sa ating negosyo, pati na rin ang tatlong karagdagang layunin (mga SDG 9, 12 at 17) na mahalaga sa paraan ng ating pagtatrabaho. Habang patuloy nating pinapatatag ang ating paninindigan sa moderno at sustainable na agrikultura, pinagtutuunan natin ang mga SDG na ito upang mapahusay ang ating diskarte at mga pagkilos.

PINAKAMATATAG NA PAG-AAYON SA ANIM NA SDG NA PINAKANAUUGNAY SA NEGOSYO NG MONSANTO AT KUMAKATAWAN SA MGA LARANGAN KUNG SAAN TAYO MAAARING PINAKAMAKATULONG.




Pagpapahusay ng buhay ng mga magsasaka, empleyado, consumer at komunidad, habang tumutulong sa paghahatid ng balanseng pagkain para sa lahat.




Mas mahusay na paggamit ng mga mapagkukunan sa sakahan at dito sa Monsanto.

TATLONG SDG NA KUMAKATAWAN SA KUNG PAANO TAYO NAGTATRABAHO UPANG MAISAGAWA ANG ANIM NA LAYUNIN NA PINAKANAUUGNAY SA ATING NEGOSYO.




Ayon sa nakasaad sa SDG Industry Matrix ng United Nations Global Compact, kabilang sa epekto ng SDG sa responsableng procurement ang:

- Pagmumuhunan sa mga supply chain na etikal, sumasaklaw sa lahat, matipid sa mapagkukunan, at mabilis mabawi;
- Pagpapahusay ng mga pamantayan, kasanayan, oportunidad at kalagayan ng paggawa na nagpapasigla sa pagiging produktibo ng mga contractor at supplier;
- Pagpapataas ng pamumuhunan sa renewable na enerhiya, pagtitipid ng tubig, at iba pang proyekto sa imprastraktura;
- Pamumuhunan sa kapasidad ng pagkakaiba-iba ng mga supplier sa pamamagitan ng pagbuo ng pagsasanay at kapasidad; at
- Pagpapahusay ng kalusugan ng komunidad at pagpapataas ng mga pamumuhunan sa edukasyon.

Upang matuto pa tungkol sa Sustainable na Layunin sa Pag-unlad ng United Nations, bisitahin ang www.un.org/sustainabledevelopment.

## Paninindigan

Habang tinatahak natin ang pamumuno sa responsableng paraan, naninindigan tayo sa integridad kapag pumipili ng at nakikipagnegosyo sa ating mga supplier (kabilang ang lahat ng third party na provider, collaborator at kasosyo). Gusto naming makipagnegosyo sa mga supplier na nagbabahagi ng aming mga pagpapahalaga at nagpapamalas ng mga katulad na paninindigan sa kanilang mga pagkilos.

Sa Monsanto, tiwala at integridad ang pangunahin sa paggawa ng tama sa bawat pagkakataon. Ang Kodigo ng Etika para sa Mga Supplier ay inilaan upang ipabatid ang aming mga inaasahan sa mga supplier na nagbibigay ng mga produkto o serbisyo sa atin, sa ating mga subsidiary nito at mga kaanib mula sa iba't ibang panig ng mundo. Hiniling sa lahat ng ating supplier na magkaroon ng kaalaman at sumang-ayong kumilos nang naaayon sa ating Kodigo ng Etika para sa Supplier sa pakikipagnegosyo sa Monsanto Company.

Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa ating mga supplier, maaari tayong magbunsod ng makabuluhang pagbabago – hindi lang sa panahon ngayon, ngunit gayundin sa mga susunod na henerasyon.

Tingnan ang Ulat ng Monsanto sa Sustainability sa www.monsanto.com/sustainability upang matuto pa tungkol sa aming panindigan sa sustainability.

**We grow better together (Mas mahusay ang pag-unlad kung tayo ay sama-sama).**



## PUNDASYON NG KODIGO NG ETIKA NG MONSANTO PARA SA MGA SUPPLIER

Ang Kodigo ng Etika para sa Supplier ay nakabatay sa Monsanto Pledge.

Ang Monsanto Pledge ay ang ating paninindigan sa ating pakikipagnegosyo. Isa itong pahayag na humihimok sa atin na higit na makinig, isaalang-alang ang ating mga pagkilos at malawakan nitong epekto, at mamuno sa responsableng paraan. Tumutulong ito sa atin na isabuhay ang mga pagpapahalaga, at linawin kung sino tayo at ano ang itinataguyod natin.

### Integridad

Ang integridad ang pundasyon ng lahat ng ginagawa natin sa Monsanto. Kabilang sa pundasyon na ito ang katapatan, kagandahang-asal, katatagan, at lakas ng loob. Sa pagbuo sa mga pagpapahalagang iyon, nakatuon tayo sa:

#### Pakikipag-usap

Makikinig tayo nang mabuti sa iba't ibang pananaw at makikiisa sa makabuluhang pakikipag-usap. Papalawakin natin ang ating pag-unawa sa mga isyu upang mas matugunan ang mga pangangailangan at alalahanin ng lipunan at ng bawat isa.

#### Transparency

Titiyakin natin na available, accessible, at nauunawaan ang impormasyon.

#### Pagbabahagi

Magbabahagi tayo ng kaalaman at teknolohiya upang mas mapahusay ang pag-unawa hinggil sa agham, mapabuti ang agrikultura at ang kapaligiran, mapabuti ang mga pananim, at matulungan ang mga magsasaka sa mga papaunlad na bansa.

#### Mga Pakinabang

Gagamit tayo ng mahusay at innovative na agham, pati ng pinag-isipan at epektibong pamamahala upang maghatid ng mga produktong may mataas na kalidad na kapaki-pakinabang sa ating mga customer at sa kapaligiran.

#### Paggalang

Igagalang natin ang mga pangrelihiyon, pangkultura, at pang-etnikong alalahanin ng mga tao sa buong mundo. Pinakapriyoridad natin ang kaligtasan ng ating mga empleyado, ng komunidad kung saan tayo nagpapatakbo, ng ating mga customer, consumer, at kapaligiran.





### Kumilos bilang Mga May-ari upang Magtamo ng Mga Resulta

Bibigyang-daan natin ang linaw ng direksyon, mga tungkulin, at pananagutan. Bubuo tayo ng mga matatag na ugnayan sa ating mga customer at panlabas na kasosyo; gagawa ng mahusay na mga pasya; pangangasiwaan ang mga mapagkukunan ng ating kumpanya; at gagampanan natin ang pananagutan para sa pagtamo ng mga resultang napagkasunduan.

### Lumikha ng Mahusay na Lugar ng Trabaho

Papangalagaan natin ang pagkakaiba ng mga tao at pagnanaw, magtataguyod ng pagbabago, pagkamalikhain at kaalaman, magsusulong ng pagtutulungan ng lahat; at bibigyang-parangal at kikilalanin ang ating mga tauhan.

## KODIGO NG ETIKA NG MONSANTO COMPANY

Ang asal na inaasahan natin sa ating mga supplier ay hindi naiiba sa asal na inaasahan natin sa ating mga sarili. Ang Monsanto ay nagpapanatili ng Kodigo ng Etika sa Negosyo ng kumpanya na higit pang naglalarawan sa mga inaasahan natin sa paraan at asal natin sa ating pagnenegosyo. Hinihikayat ang mga supplier (kabilang ang lahat ng third party na provider, collaborator at kasosyo) at empleyado na buksan ang link na ito upang magkaroon ng kaalaman sa Kodigo ng Etika sa Negosyo ng Monsanto: http://www.monsanto.com/whoweare/pages/business-conduct.aspx.

## PAGTITIWALA NG SUPPLIER AT MONSANTO SA ISA'T ISA

Mahalaga ang papel ng mga supplier natin sa tagumpay ng Monsanto bilang isang kumpanya. Gusto nating bumuo ng mga ugnayan na nakabatay sa paggalang at pagtitiwala sa isa't isa sa ating mga supplier. Pinapahalagahan natin ang katapatan sa ating mga pakikipagnegosyo sa mga kasalukuyan at potensyal nating supplier. Ang lahat ng kontrata ay dapat patas na pag-usapan, nang hindi nandaraya o hindi nagiging tumpak. Gayundin, kapag pumipili ng mga supplier na magbibigay ng mga produkto at serbisyo sa Monsanto, gagawin natin ito sa patas na paraan. Pipili tayo batay sa wastong pagsusuri ng lahat ng naaangkop na detalye, na maaaring kasama, halimbawa, ang kalidad ng supplier, mga talaan ng kaligtasan, teknikal na abilidad, dating karanasan, pagiging maaasahan, gastusin, availability ng iskedyul, pagpapamalas ng paninindigan sa pagsasama ng lahat at pagkakaiba-iba, at asal sa pagsunod sa Kodigo ng Etika para sa Supplier.






## PANININDIGAN NG MONSANTO AT SUPPLIER SA MGA TAO

### Lugar ng Trabaho na Ligtas, Mainam at May Seguridad

**Sa Monsanto, pananagutan ng lahat ang kaligtasan at seguridad. Nakatuon ang ating pansin sa pagpapanatili ng ligtas at mainam na lugar ng trabaho para sa lahat ng empleyado, bisita at customer, at sa komunidad kung saan tayo nagtatrabaho.**

Gayundin, inaasahan natin na ang mga supplier ay susunod sa mga batas at regulasyon na naaangkop sa kanilang mga lokasyon at lugar na pinagtatrabahuhan. Pinapahalagahan natin ang mga supplier na patuloy na nagsisikap na magtamo ng kapaligiran sa trabaho na hindi nagkakaroon ng pinsala o karamdaman na nauugnay sa trabaho.

Magbibigay sa mga supplier ng impormasyon tungkol sa iba't ibang patakaran at pamamaraan ng Monsanto na sumasaklaw sa kaligtasan. Inaasahan natin ang ating mga supplier na sumunod sa mga direktang patakaran at pamamaraan na sumasaklaw sa kaligtasan at makipagtulungan sila nang husto sa atin pagdating sa mga isyu sa kaligtasan at seguridad na nauugnay sa mga produkto at serbisyong ibinibigay nila sa atin.

### Paggalang para sa Mga Karapatang Pantao

**Alinsunod sa ating paninindigang igalang at isulong ang mga karapatang pantao, ipinagtibay ng Monsanto ang isang Patakaran sa Mga Karapatang Pantao. Inaasahan natin ang lahat ng ating supplier na sumunod sa mga naaangkop na batas sa pagtatrabaho at paggawa. Bukod pa rito, idinedetalye ng ating Patakaran ang mga inaasahan sa mga sumusunod na larangan:**

- Pagpapatrabaho ng (mga) Bata
- Sapilitang Paggawa
- Diskriminasyon
- Bayad/Sahod
- Mga Oras ng Trabaho
- Panliligalig at Karahasan
- Kalayaang Makihalubilo
- Kaligtasan



Kabilang sa pagsunod ang mga pagsisikap na ipagbawal ang diskriminasyon laban sa sinumang tao sa anumang termino, kundisyon o pribilehiyo sa trabaho dahil sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, edad, bansang pinagmulan, kapansanan, pagiging beterano, pagkakakilanlan ng kasarian, paglalahad batay sa kasarian, sekswal na oryentasyon (totoo man o iniisip, ayon sa ipinapakita ng pagkakakilanlan, mga pagkilos, pahayag o pakikisalamuha), o anumang iba pang katangiang pinoprotektahan ng batas.

Inaasahan ng Monsanto ang mga supplier na umiwas sa, at sumunod sa anumang regulasyon at sumusuportang obligasyon sa, human trafficking at uri ng pang-aalipin sa kasalukuyang panahon. Kabilang sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa, California Transparency in Supply Chains Act at sa UK Modern Slavery Act.

Kapag naaangkop, inaasahan ng Monsanto ang mga supplier na sumang-ayon na payagan ang Monsanto o mga third party na kumikilos sa ngalan ng Monsanto na magsagawa ng mga makatuwirang pag-audit ng mga book, talaan at pasilidad ng mga supplier na ginagamit ng mga empleyado upang tukuyin ang pagsunod ng mga supplier sa mga naaangkop na batas sa paggawa at pagtatrabaho.

Bilang karagdagan, inaasahan ng Monsanto ang mga supplier ng mga materyal na naglalaman ng tantalum, tin, tungsten o ginto na malaman kung saan minina ang mga mineral na iyon at ibigay ang content at impormasyon sa pinagkukunan na iyon sa Monsanto, kung hihilingin.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang http://www.monsanto.com/whoweare/pages/human-rights.aspx.

### Privacy ng Personal na Impormasyon

**Maaaring kabilang sa personal na impormasyon ang, ngunit hindi limitado sa, kasaysayan ng pagtatrabaho, mga ibinigay ng pamahalaan na identification number, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, status sa pag-aasawa, at mga talaan ng nagawang krimen.**

Inaasahan namin na poprotektahan ng mga supplier ang personal na impormasyon na ibinibigay ng Monsanto sa mga supplier o nakuha ng mga supplier na nauugnay sa mga empleyado at customer ng Monsanto at ng mga third party, alinsunod sa naaangkop na mga batas sa privacy ng data. Kung malalaman ng isang supplier ang tungkol sa isang aktwal o posibleng hindi pinapahintulutang pagbubunyag ng impormasyon ng empleyado o customer ng Monsanto, inaasahan namin na iuulat ito kaagad ng supplier sa Business Conduct Office ng Monsanto sa Web: www.contactBCOglobal.com; Email: business.conduct@monsanto.com; Mail: 800 N. Lindbergh Blvd, Mail Code E1NH, St. Louis MO 63167, o www.monsanto.com/contactbco





## PANININDIGAN SA MONSANTO

### Pagsunod sa Batas

Inaasahan namin na ang mga supplier ay magsisikap na isagawa ang lahat ng negosyong nauugnay sa Monsanto nang ganap na sumusunod sa mga naaangkop na batas, panuntunan at regulasyon.

### Internasyonal na Kalakalan

Kapag ang negosyo ng isang supplier na nauugnay sa Monsanto ay may kasamang internasyonal na kalakalan, inaasahan ng Monsanto na nauunawaan at sumusunod ang supplier sa mga naaangkop na batas at regulasyong kumokontrol sa internasyonal na kalakalan, kasama ang mga nauugnay sa mga pang-ekonomikong parusa, mga kinakailangan sa customs at mga pagkontrol ng export. Kapag hiniling, ang mga supplier ay magbibigay sa Monsanto ng anumang kinakailangang detalye ng produkto at kinauukulang dokumentasyon upang tiyakin ang pagsunod sa naaangkop na regulasyon sa pag-export at pag-import. Bilang karagdagan, alinsunod sa negosyo ng Monsanto, ang mga supplier ay hindi dapat makilahok sa anumang economic boycott na hindi ipinapatupad ng Pamahalaan ng Estados Unidos at hindi dapat magbigay ng impormasyong maaaring isiping sumusuporta sa ganoong klaseng boycott na walang basbas ng pamahalaan. Kapag naaangkop, ang mga Supplier ay dapat na magpatupad ng mga kasanayan at pamamaraan upang tiyakin ang seguridad ng kanilang mga supply chain alinsunod sa mga pamantayan ng Authorized Economic Operator (AEO), sa Customs-Trade Partnership Against Terrorism (C-TPAT) na inisyatiba ng US Department of Homeland Security, at sa mga nauugnay na programa ng seguridad ng pandaigdigang supply chain sa mga bansa kung saan nakikipag-ugnayan ang mga supplier sa Monsanto.

### Mga Regalo at Entertainment hinggil sa Negosyo

Nauunawaan natin na ang mga regalo, pagkain at entertainment ay maaaring gamitin sa mga positibong paraan upang bumuo ng mga ugnayan. Gayunpaman, maaari ding makitaan ang mga larangan na ito ng totoo at/o inaasahang isyu na naaugnay sa integridad. Dahil dito, ang sinumang supplier na magtatangkang ikompromiso ang paninindigan ng Monsanto sa integridad sa pamamagitan ng pag-aalok ng mga hindi naaangkop na regalo, pagkain, entertainment, oportunidad sa negosyo, pribilehiyo, trabaho sa labas (kasama ang trabaho para sa mga miyembro ng pamilya) o iba pang mga item o mga bagay na may halaga sa mga empleyado ng Monsanto ay maaaring mawalan ng status ng supplier sa Monsanto.



Upang maiwasan ang pag-aakala ng pagsubok na makakuha ng may kinikilingang pagtrato, ang mga supplier ay maaari lang magbigay sa mga empleyado ng Monsanto ng regalo, pagkain, entertainment o iba pang bagay na may halaga kung ang mga bagay na ito ay:

- Hindi marangya
- Naaayon sa batas
- Bihira
- Naaangkop sa negosyo
- Hindi pera o hindi maipagpapalit sa pera

Hindi maaaring humingi ang mga empleyado ng Monsanto sa mga supplier ng anumang personal na regalo, pagkain, entertainment o iba pang bagay na may halaga.

Ang mga regalo ay hindi dapat lumampas sa halagang $100 USD kahit na natutugunan ng isang regalo o uri ng entertainment ang mga pamantayan sa itaas. Hindi pinapahintulutan ng patakaran ng Monsato ang mga supplier na mag-alok ng anumang regalo o uri ng entertainment sa isang empleyado ng Monsanto sa gitna ng isang umiiral na proseso ng Kahilingan para sa Panukala (Request for Proposal o RFP), Kahilingan para sa Quote (Request for Quote o RFQ), o sa gitna ng anumang iba pang bahagi ng isang aktibong negosasyon ng kontrata. Hindi pinapahintulutan ng patakaran ng Monsanto ang mga empleyado na tanggapin ang mga naturang bagay sa mga kritikal na panahon ng negosasyong ito. Ang anumang pagsisikap mula sa isang supplier na mag-alok ng anumang regalo o mga uri ng entertainment sa mga panahong ito ay maaaring magresulta sa pagdidisiplina sa empleyado ng Monsanto at pagkakadiskwalipika ng supplier.



Kung ang isang supplier ay mayroong anumang mga tanong o alalahanin tungkol sa pagiging wasto ng pag-aalok ng anumang regalo, pagkain o uri ng entertainment, o anumang iba pang item na may halaga, ang supplier ay dapat na makipag-ugnayan sa Business Conduct ng Monsanto bago magbigay ng naturang alok.

### Mga Pagmamay-ari ng Kumpanya

Sa pakikipagnegosyo ng mga supplier sa Monsanto, maaaring ibigay ang access sa iba't ibang ari-arian ng Monsanto. Maaaring kabilang sa mga pag-aari na ito ang pisikal na ari-arian ng ating Kumpanya tulad ng mga kasangkapan, sasakyan,computer, pondo at pasilidad. Inaasahan nating poprotektahan ng mga supplier ang mga pag-aaring ito laban sa pagkawala, pagnanakaw, pagkasira, pagkaaksaya o maling paggamit. Inaasahan din natin na gagamitin ng mga supplier ang mga mapagkukunan ng Monsanto para lang sa naaangkop na layuning pangnegosyo.

## Seguridad ng Impormasyon

### Kumpidensyal at Proprietary na Impormasyon

Hindi limitado ang mga mapagkukunan ng Monsanto sa pisikal na ari-arian. Ang ilan sa pinakamahalagang pag-aari ng Monsanto ay ang kumpidensyal at proprietary na impormasyong mayroon tayo. Karaniwang kasama sa kumpidensyal na impormasyon ang impormasyong hindi inililimbag ng awtorisadong kawani ng Monsanto para sa publiko. Ang kakayahan ng isang supplier na protektahan ang kumpidensyal na impormasyong pangnegosyo ng Monsanto ay mahalaga sa tagumpay ng Monsanto sa hinaharap at sa mga ugnayan ng Monsanto sa mga supplier nito. Ang seguridad ng impormasyon ay lubos na mahalaga para sa Monsanto para mapanatili nito ang kumpyansa at pagtitiwala ng ating mga customer at supplier nito at ng iba pang mga panig na kinakatrabaho natin.

Inaasahan namin na susunod ang mga supplier sa lahat ng obligasyon sa kontrata hinggil sa pagiging kumpidensyal at poprotektahan nila ang kumpidensyal at proprietary na impormasyon ng Monsanto laban sa hindi pinapahintulutang paggamit. Hindi dapat ibunyag ng mga supplier ang naturang impormasyon sa sinumang nasa labas ng Monsanto o kahit sa isang tao na nasa loob ng Monsanto na walang malinaw na




pangangailangang pangnegosyo na makaalam nito. Ang mga supplier ay dapat na magsagawa ng mga naaangkop na hakbang, kasama ang pagsasanay ng kanilang mga empleyado, upang tiyaking ang naturang impormasyon ay hindi kailanman maa-access sa di-wastong paraan, mawawala, mananakaw, magagamit nang mali, maitatago nang mali o maiiwanang walang bantay. Hindi papalampasin ng Monsanto ang anumang paggamit ng supplier ng impormasyon na kumpidensyal at proprietary sa Monsanto upang makipagpalitan ng stock ng Monsanto Company, at hindi dapat magbahagi ang mga supplier sa Monsato ng panloob na impormasyon tungkol sa sarili nilang kumpanya sa mga empleyado ng Monsanto.

Inaasahan namin ang mga information system ng supplier na naglalaman ng kumpidensyal na impormasyon o data ng Monsanto na mapamahalaan at maprotektahan nang wasto laban sa hindi pinapahintulutang pag-access, paggamit, pagbubunyag, pagbabago, pagsira o pagtanggi ng serbisyo.

Hindi kailanman dapat mag-access ang mga supplier ng anumang impormasyon nang walang wastong pahintulot at hindi kailanman dapat maglipat o kung hindi naman ay mamahala ng anumang personal na nagtutukoy na impormasyon tungkol sa sinumang tao sa paraan na maaaring maglagay sa alanganin sa seguridad ng impormasyong iyon na mula sa hindi pinapahintulutang paggamit o pagbubunyag.

### Intelektwal na Ari-arian

Maaaring kabilang sa ilang impormasyon kung saan maaaring magkaroon ng access ang isang supplier ay ang kumpidensyal na impormasyon sa negosyo (confidential business information o CBI) at/o intelektwal na ari-arian (intellectual property o IP) ng Monsanto, na itinuturing na mahalagang ari-arian ng Monsanto. Inaasahan namin ang mga supplier na protektahan ang IP ng Monsanto, kasama sa mga halimbawa ang:

- Mga sikreto sa kalakalan
- Mga copyright
- Mga trademark
- Mga patent
- Mga karapatan sa disenyo
- Mga logo
- Mga brand

### Magpanatili ng Tapat na Mga Talaan sa Pananalapi

Ang mga talaan sa pananalapi ng Monsanto ay ang paraan ng publiko sa pagtasa ng pangkalahatang tagumpay ng aming negosyo. Umaasa ang publiko sa atin sa paglalabas ng mga matapat, tumpak at napapanahon na pagbubunyag na naaayon sa mga naaangkop na batas at regulasyon. Ang ibig sabihin nito, ang lahat ng binubuo ng supplier na invoice, purchase order o iba pang dokumento ng transaksyon ay dapat sapat ang pagiging klaro, tumpak at detalyado upang malinaw na maisaad ang nasabing transaksyon.

Dahil dito, inaasahan namin na ang impormasyon ng supplier na isinusumite sa Monsanto ay ganap na makatotohanan, wasto at kumpleto dahil umaasa tayo sa impormasyong natatanggap kapag inihahanda natin ang ating mga book at talaan. Inaasahan naming susunod ang mga supplier sa lahat ng naaangkop na kinakailangan sa accounting at mga panloob na kontrol kapag nagsusumite ng impormasyon sa Monsanto.

Kung malalaman ng isang supplier ang tungkol sa anumang di-tumpak o di-kumpletong talaan hinggil sa mga serbisyo o produktong ibinibigay sa Monsanto, kasama pero hindi limitado sa mga account na receivable, mga purchase order, at paglilipat ng pondo, inaasahan natin na iuulat kaagad ito ng supplier sa Monsanto.

### Pakikipag-ugnayang Panlabas

Ang mga supplier ay hindi dapat magsalita sa ngalan ng Monsanto maliban kung partikular silang binigyan ng pahintulot at inatasang gawin iyon at dapat ay nasa hangganan lang na pinapahintulutan.





## PANININDIGAN SA MAKAAGHAM NA PANANALIKSIK, MGA DE-KALIDAD NA PRODUKTO, PAGSUNOD SA REGULASYON, AT MGA PATAS NA KASANAYAN SA MERKADO

### Makaagham na Pananaliksik

**Sa Monsanto, nalalaman at nauunawaan natin ang kahalagahan ng pagsasagawa ng etikal na makaagham na pananaliksik. Nakasalalay ang malaking bahagi ng ating tagumpay sa pagbuo ng tiwala sa iba't ibang pangkat at tao, at dedepende ang malaking bahagi ng tiwalang iyon sa katumpakan at pagiging maaasahan ng makaagham na data na ating ibinibigay.**

Inaasahan natin ang mga supplier na nag-aambag o nagsasagawa ng pananaliksik sa ating ngalan na magbigay ng tumpak, maaasahan at etikal na pananaliksik.

### Mga De-kalidad na Produkto

**Naninindigan ang Monsanto sa integridad ng mga produkto nito at sa patuloy na paghahatid ng mga produktong may mataas na kalidad. Ang pagtuon sa kalidad ay isang karaniwang elemento na sumasaklaw sa ating organisasyon at nag-uugnay sa atin sa ating mga customer.**

Dahil dito, inaasahan natin ang mga supplier na maghatid ng mga de-kalidad na produkto at serbisyo sa Monsanto na tumutugon o humihigit sa mga naaangkop na batas at regulasyon pati na rin sa mga kinakailangan at pamantayan ng kontrata.

### Pagsunod sa Regulasyon

Isinasagawa ng Monsanto ang pandaigdigang negosyo sa isang kapaligirang may mahigpit na regulasyon. Marami sa ating mga produkto sa biotechnology at pagprotekta ng pananim ay aprubado na ng mga panregulatoryong ahensya bago pa man ibenta ang mga ito. Samakatuwid, inaasahan natin na susunod ang mga supplier sa lahat ng internasyonal, pambansa at lokal na batas at regulasyong nauugnay sa mga serbisyo at produkto na ibinibigay ng mga supplier sa Monsanto.

Inaasahang susuportahan ng mga supplier ang mga pagsusumikiap ng Monsanto na tiyaking pinapamahalaan nang responsable ang ating teknolohiya ayon sa mga tagubilin ng pagbabantay at nang sumusunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon. Inaasahan natin na makikipagtulungan ang mga supplier sa Monsanto upang tiyakin na ang lahat ng ginagawa natin sa pagtutulungan ay nagpapatibay sa pagsisikap ng Monsanto na ituloy ang ating paraan ng mabisang pagbabantay ng produkto.



### Mga Patas na Gawain sa Marketing

**Kapag nasa marketing o kapag ibinebenta ang ating mga produkto, mahalagang gumamit lang tayo ng patas, at mga etikal na pamamaraan.**

Dahil dito, inaasahan nating maghahanda ang mga supplier ng mga materyal para sa pagbebenta, advertising, mga promo at marketing na papangasiwaan ng Monsanto upang maisakatuparan ang mga tungkuling ito sa pamamagitan ng makatotohanan at tumpak na pagkakatawan.

### Advertising

Ang mga supplier ay dapat na hindi magbitaw ng mga pahayag na hindi totoo o nakakapanlinlang tungkol sa kalidad at availability ng mga produkto ng Monsanto. Gayundin, ang mga supplier ng advertising ay hindi dapat gumawa ng mga di-patas o di-totoong pagkumpara sa pagitan ng mga produkto ng Monsanto at ng ating mga kakumpitensya.

## PANININDIGAN NG MONSANTO SA MUNDO

### Proteksyon at Kaligtasan ng Kapaligiran

Sa Monsanto, alam natin na ang malaking bahagi ng ating tagumpay ay dahil sa mga komunidad kung saan tayo nakikipagnegosyo. Upang makatulong na protektahan at suportahan ang mga komunidad na ito, ang kanilang kapaligiran at ating mundo sa kabuuan, inaasahan nating sumunod ang mga supplier sa mga batas at kinakailangan sa kapaligiran saanman sila nagnenegosyo. Pinapahalagahan ng Monsanto ang mga supplier na naninindigan sa pagpreserba ng mga likas na yaman, pag-recycle, paggamit ng tubig at pagbabawas ng basura, pagkontrol sa polusyon, at paglilinis ng hangin at tubig.

## Pagkakaiba ng Mga Supplier

Pinapahalagahan ng Monsanto ang isang kapaligiran na mayaman sa pagsasama at pagkakaiba-iba at umaabot ito sa lahat ng supplier sa ating pandaigdigang supply chain. Habang nagsisikap tayong maging nangungunang provider ng mga agrikultural na produkto at solusyon sa buong mundo, kinikilala natin ang halaga ng isang malawak na base ng supplier na nagbibigay sa Monsanto ng mga produkto at serbisyo para sa ating pandaigdigang supply chain.

**Ang pagsisikap ng Monsanto sa pagkakaiba-iba ng supplier ay nagresulta sa pagsasama ng mga negosyo na may pangkalahatang pagmamay-ari ng iba't ibang indibidwal (ibig sabihin, mga indibidwal mula sa mga pangkat na walang gaanong pagkakatawan ayon sa pamantayan ng bawat bansa), kabilang ang mga minorya, kababaihan, mga taong may kapansanan, beterano, may kapansanang beterano, at mga tao na lesbian, gay, bisexual, at transgender (LGBT).** Sa pamamagitan ng pagsasama sa supply chain ng Monsanto ng mga supplier na iba't iba ang may-ari, nagdudulot ito ng epekto sa ekonomiya at sumusuporta sa mga komunidad kung saan tayo nakatira at nakikipagnegosyo. Lubos naming hinihikayat ang aming mga supplier na palawakin ang kanilang pagsisikap sa pagkakaiba-iba sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga negosyong certified na iba't iba ang may-ari sa pagbibigay ng mga produkto at serbisyo sa Monsanto, ayon sa kinikilala sa kani-kanilang bansa at ng mga organisasyon na nagbibigay ng certification sa pagkakaiba-iba ng supplier. Hinihiling ng Monsanto sa mga supplier nito na gawing available ang gastusin ng kanilang sariling negosyo na iba't iba ang may-ari na nauugnay sa pakikipagnegosyo nang direkta o hindi direkta sa Monsanto.

## Walang Panunuhol o Mga Gawain ng Katiwalian

**Bilang pandaigdigang organisasyon, sumasailalim ang Monsanto sa iba't ibang batas na kontra-katiwalian sa buong mundo. Idinisenyo ang mga naturang batas upang tulungan tayong magpanatili ng patas, etikal at transparent na mga pakikipag-ugnayan sa mga opisyal ng pamahalaan.**

Inaasahan ng Monsanto na susunod ang mga supplier nito sa lahat ng naaangkop na batas kontra-katiwalian kasama ang U.S. Foreign Corrupt Practices Act ("FCPA"). Inaasahan din ng Monsanto na ang mga supplier nito ay hindi gagawa ng anumang uri ng komersyal na panunuhol, direkta man o sa pamamagitan ng isang third party.

## Mga Etikal na Transaksyon sa Pananalapi

Ang money laundering ay ang proseso kung saan sinusubukan ng mga indibidwal o entity na pagtakpan ang mga ilegal na pondo o gawing mukhang lehitimo ang mga pinagkukunan ng mga pondong iyon. Maaaring kinuha ang naturang mga pondo sa pamamagitan ng gawaing hinggil sa krimen, mga pagkilos ng terorismo, pagbebenta o pagbili ng droga, pandaraya o pagpapababa sa buwis.

Gayundin, inaasahan namin na hindi masasangkot ang mga supplier sa anumang uri ng mga aktibidad sa money laundering at hindi kailanman tatanggap ng mga pondo sa pamamagitan ng mga ilegal na paraan nang hindi lingid sa kanilang kaalaman.

## Kumpetisyon

Inaasahan ng Monsanto na ang mga supplier nito ay mahigpit na makikipagkumpitensya sa isa't isa para sa negosyo ng Monsanto, at ang mga nakikipagkumpitensyang supplier ay pinagbabawalang sumali sa mga kasunduan o usapang makakaapekto sa kanilang pakikipagnegosyo sa Monsanto. Ang Mga Supplier na naniniwalang makikinabang ang Monsanto sa pakikipagtulungan ng mga supplier na normal na nakikipagkumpitensya ay dapat munang makakuha ng nakakaalam na pahintulot ng Monsanto bago gumawa ng mga naturang kasunduan.





## PAG-AYON SA KODIGO NG ETIKA PARA SA SUPPLIER

**Ang pagsunod ng isang supplier sa Kodigo ng Etika ng Monsanto para sa Mga Supplier ay magiging mahalaga sa proseso ng Monsanto sa paggawa ng desisyon kapag pinag-iisipan kung magsisimula o magpapatuloy ng ugnayang pangnegosyo.**

Inaasahan ng Monsanto na ang mga supplier nito ay magkakaroon ng mga sapat na sistema ng pagsubaybay at pagpapanatili ng talaan upang makasunod sa Kodigo na ito.

Inaasahang aabisuhan ng mga supplier ang Monsanto tungkol sa mga legal na pagkilos, administratibong imbestigasyon o paglilitis na maaaring makaapekto sa kanilang pakikipagnegosyo sa Monsanto o na maaaring makaapekto sa reputasyon ng isang supplier at ng Monsanto.

### Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Ang mga supplier ay maaaring magpadala ng mga tanong o komento tungkol sa Kodigo ng Etika para sa Mga Supplier sa kanilang Monsanto Procurement Representative.

### Pag-uulat

Hinihiling ng Monsanto sa mga supplier na mag-ulat kaagad ng mga paglihis sa Kodigo ng Etika para sa Supplier na ito sa kanilang Monsanto Representative upang malutas ito pagitan ng supplier at ng Monsanto. Kung may pagkakataong sa tingin ng isang supplier ay kumilos ang isang empleyado ng Monsanto nang taliwas sa Kodigo ng Etika ng Monsanto, hinihiling namin na iulat ninyo ang inyong mga alalahanin nang detalyado sa aming Business Conduct Office sa Web:
www.contactBCOglobal.com;
Email: business.conduct@monsanto.com;
Mail: 800 N. Lindbergh Blvd,
Mail Code E1NH, St. Louis MO 63167,
o www.monsanto.com/contactbco

Ang mga Supplier ay hinihiling na huwag mag-ulat sa tanggapang ito ng kanilang pagkadismaya sa hindi pagkakapili para makipagnegosyo sa Monsanto, maliban na lang kung sa tingin nila ay resulta iyon ng isang empleyado ng Monsanto na hindi sumunod sa isang partikular na probisyon ng Kodigo ng Etika ng Monsanto.

Ang Monsanto at Vine Design® ay nakarehistrong trademark ng Monsanto Technology LLC. ©2017 Monsanto Company.

Na-update noong Abril 2017